REPUBLIKA NG PILIPINAS
REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
KAGAWARAN NG EDUKASYON, KULTURA AT ISPORTS
DEPARTMENT OF EDUCATION, CULTURE AND SPORTS
UL Complex, Meralco Avenue
Pasig, Metro Manila

TANGGAPAN NG KALIHIM
(OFFICE OF THE SECRETARY)

September 18, 1997

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 365, s. 1997

# 1997 PAMBANSANG SEMINAR AT GAWAING KAPULUNGAN SA FILIPINO TUNGKOL SA "MGA DULOG AT ESTRATEHIYA SA PAGTUTURO NG PANITIKAN: PAGLALAPAT SA KASALUKUYANG KURIKULUM"

Sa: Direktor ng Kawanihan
Direktor Panrehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Pinuno ng Pampubliko at Pribadong Paaralan
sa Elementarya at Sekundarya

1. Ang IPG Professional Advancement and Business Center of the Philippines sa pagbibigay-tibay ng Komisyon ng Serbisyo Sibil at pakikipag-ugnayan sa Kagawaran ng Edukasyon, Kultura at Isports ay maglulunsad ng dalawang araw na Live-Out na Pambansang Seminar at Gawaing Kapulungan sa Filipino tungkol sa "Mga Dulog at Estratehiya sa Pagtuturo ng Panitikan: Paglalapat Sa Kasalukuyang Kurikulum" sa Oktubre 20-21, 1997 sa Century Park Hotel, Lungsod ng Maynila, mula ikawalo ng umaga hanggang ika-lima ng hapon.

2. Ang mga layunin ng gawaing kapulungan ay upang:

a) matugunan ang hamon ng higit na malalim na dimensyon sa pagtuturo ng panitikan;
b) mapag-ibayo ang kaalaman ng guro sa epektibo at makabuluhang pagtuturo ng panitikan; at
c) higit na maunawaan ang ibat-ibang dulog at estratehiya sa pagtuturo ng panitikan at wastong paglalapat sa kasalukuyang kurikulum.

3. Ang dapat na dumalo (on official business) sa pambansang gawaing kapulungang ito ay ang mga piling kinatawan ng mga kawanihan, mga pansangay na tagamasid at taga-pag-ugnay sa Filipino, mga guro at dalubguro sa pampubliko at pampribadong paaralan.

4. Ang bayad sa pagpapatala ng bawat kinatawan ay TATLONG LIBO LIMANG-DAANG PISO (P3,500.00) para sa mga handouts, pananghalian, meryenda at sertipiko ng pagdalo. Ang gagastusin sa transportasyon at rehistrasyon ay manggagaling sa pondong lokal ng paaralan na sasailalim ng kaukulang pagtutuos at pag-aawdit. Ang mga dadalo mula sa mga pribadong paaralan ay maaaring makipag-ayos sa kani-kanilang mga kinaaanibang institusyon o samahan.

5. Ang huling araw ng pagpapatala ay sa Oktubre 16, 1997. Ang mga kinatawan ay pinapayuhan na magkumpirma ng kanilang pagdalo sa tanggapan ng:

IPG Professional Advancement and Business Center of the Philippines
Suite 33, 3J Heights Condominium, 35 Visayas Ave., Quezon City 1100
(R.S.V.P.) Tel. 924-50-07; 924-72-55; 927-91-46 local 33;
929-15-97 local 33; 929-34-16 local 33; or FAX 743-01-75

6. Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**RICARDO T. GLORIA**
**Kalihim**

Sanggunian:
Wala

Pamumudmod: 1--(D.O. 50-97)

**Ilalagay sa <u>Palagiang Talatuntunan</u>**
**sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:**

Course of Study, ELEMENTARY
Course of Study, SECONDARY
SEMINARS
TEACHERS
WORKSHOPS